# Ang Nakabibilib na si Lola Ising

"Lolaaaaaa!"

Si Lola Ising agad ang aking tinawag ng hindi ko sinasadyang mabali ang paa ng aking laruang sundalo. Lumapit si Lola bitbit ang walis tambo, na akala yata'y kung ano ng nangyari sa akin.

"Anong nangyari Rico?"

Ipinakita ko sa kanya ang aking napilay na sundalo.

"Akala ko naman ay kung ano," natatawang sagot ni Lola Ising.

Kinuha niya ang kanyang salamin sa estante at hinugot naman sa drawer ang kanyang ispesyal na pandikit. Sinipat ang nabaling paa, inikot-ikot ang laruang sundalo, at saka nilagyang ng ispesyal na pandikit ang dulo. Idiniin ng mabuti, hinipan ng kaunti, pagkatapos ay pinisil-pisil na para bang nanghihilot.

"O ayan, ayos na. Pero patuyuin mo muna ang aking espesyal na kula," bilin ni Lola Ising bago bumalik sa kanyang pagwawalis.

Iyan ang aking nakabibilib na Lola Ising. Siya ang umaayos ng mga nasira kong laruan. Nang natanggal ang harapan ng laruan kong kotse, nang naputol ang aking espada, nang nasadsad sa lupa ang aking eroplano, si Lola Ising ang lahat ng umayos nito. Sabi ni Lola, dati daw siyang nagtatrabaho sa pagawaan ng laruan ni Santa. Umalis lang siya kasi pinapatindi ng lamig ang kanyang rayuma.

Hindi lang laruang sira ang kayang ayusin ni Lola Ising. Lahat ng butas kaya niya ring tahiin. Butas na kili-kili ng damit, kumot, medyas at shorts! Ang sabi ni Lola,

noong dalaga daw siya ay kinukuha siya ng mga engkantada para manahi ng mga damit nila.

Kahit sirang sapatos yakang-yaka ding ayusin ni Lola Ising. Nang nasira ang aking rubber shoes, inilabas ni Lola ang kayang super- pandikit. At, walah! Nagdikit ang sapatos na nakanganga! Ang sabi ni Lola, nagtrabaho rin daw siyang sapatero sa Marikina.

Hindi lamang iyan ang kayang gawin ng aking pambihirang lola. Magaling din sumayaw at gumiling si Lola Ising. Kapag kasama ako sa mga napiling magsayaw sa paaralan, si Lola Ising ang aking kapareha kapag nage-ensayo ako sa bahay. Hakbang sa kaliwa, hakbang sa kanan, iikot at magpapalit ng posisyon! Alam na alam ni Lola Ising ang mga sayaw. Kaya naman kapag may programa sa paaralan, palagi akong pinipili ng mga guro. Magaling daw kasi akong sumayaw, hindi nila alam mas magaling ang kapareha ko sa page-ensayo.

Si Lola Ising din ang palaging nagtuturo sa akin ng takdang-aralin, lalo na kapag ginagabi si Nanay sa trabaho. Isusulat niya sa papel ang mga tanong at sasagutin ko naman. Minsan, napapakamot ako sa aking ulo at hindi mapigilang magreklamo, ang hirap kasi ng *Math!* Itse-tsek niya ang aking mga sagot na para bang siya ang aking guro.

"Tandaan mo Rico," ang sabi ni Lola Ising. "Ang pag-aaral at pagsasayaw ay pareho lang. Kung hindi mo gagawin palagi at mag-eensayo, hindi mo ito magagawa ng tama."

"Lola, nasira ang robot ko." Hawak ko angputol na braso ng laruang robot.

“Akin na at aayusin natin,” sagot ni Lola Ising.  Kinuha niya ang salamin sa estante at ang kanyang mahiwagang pandikit.

Pero hindi tulad ng dati, hindi ganuong kabilis nagawa ni Lola Ising ang braso na naputol.  Ang dating nagagawa niya sa isang pitik lang ay para bang inabot ng tatlumpong pitik na may kasamang limampung palakpak.  Sabi ni Lola, hindi daw madikit ang pangkula pero ang hula ko ay dahil nanginginig ang kamay niya.

Marami rin akong napapansing kakaiba kay Lola.  Minsan, nabutas ang aking shorts habang nakikipaghabulan sa mga kalaro ko.  Kinuha ni Lola Ising ang aking nabutas na shorts, kinuha ang lumang lata ng biskwit laman ang sinulid at karayom. Pero hindi mai-shoot ni Lola ang sinulid sa butas ng karayom.  Ginupit ng gunting, binilot ng daliri, binasa ng labi, ang mga mata’s naniningkit, pero hindi pa rin mailusot ang sinulid. Ang sabi ni Lola, baka daw dahil malapad ang sinulid niya pero sa tingin ko kaya ayaw pumasok ang sinulid ay  dahil umaalog-alog ang braso niya.

Isang Linggo ng hapon naman, tumugtog sa maliit na radyong itim ang paboritong kanta ni Lola.  Niyaya niya akong magsayaw.  Hakbang sa kanan, hakbang sa kaliwa, iikot… Pero biglang tumigil si Lola. Kaagad siyang napaupo sa katabing sopa at sabay sabing masakit daw ang kanyang mga binti na parang bang tumakbo siya ng paulit-ulit.

Isang araw, umuwi akong mataas ang aking marka. Tuwang-tuwa ako, dahil sa wakas perpekto ang eksam ko sa *Math.* Pero si Lola Ising ay parang nakatitig lang sa aking papel. Para siyang hindi masaya at ako ay tuluyan ng nabahala.

Hindi lang pala ako ang nakakahalata nang pagbabago kay Lola Ising. Narinig ko kasi minsan si Nanay na sinasabihan si Tita Myra na kailangan na daw nilang dalhin sa doktor si Lola. Kapansin-pansin na daw kasi ang panginginig na kanyang mga kamay at binti.

Nanginginig ang mga kamay at binti? Hindi ko maiwasang mag-aalala. Ano kayang sakit ni Lola?

Baka naman nakasama sa kanya ang inalok kong puto noong isang araw? Umasim din kasi ang sikmura ko pagkatapos kainin iyon. Nanginig din ang aking mga kamay at binti habang nagbabawas ako sa banyo. O baka naman trangkaso ang sakit ni Lola Ising? Noong nagka-trangkaso ako ng nakaraang linggo, nanginginig din ang aking buong katawan. Baka nahawa sa akin si Lola!

Nang sumunod na araw, dinala ni Nanay at Tita Myra si Lola Ising sa isang espesyalista. Doktor din daw yun, ang sabi ni Nanay.

"Espesyalista dahil espesyal ang lola mo," ang wika ni Lola Ising na para bang nabasa ang pag-aalala sa aking isip.

Habang sila'y nasa doktor at ako'y nasa eskwela, hindi ko mapigilang mag-isip. Paano kung sabihin ng espesyalista na sa akin nahawa si Lola? Naku, hindi ko kasi sinunod si Nanay. Huwag daw pakalat-kalat ang mga tisyung siningahan para hindi kumalat ang sakit sa bahay.

Pagkatapos ng eskwela, kaagad akong umuwi. Kinawayan ko lang ang aking kapitabahay na si Gani at hindi na ako tumigil para silipin ang mga gagambang kanyang nahuli.

Pagpasok ko sa bahay, wala naman masyadong nagbago. Humalik si Nanay sa pisngi ko ay si Lola naman sa aking noo. Bagamat sa tingin ko ay medyo mapula ang mata ni Lola, nakangiti pa rin naman ang mga mapupulang labi niya.

Noong gabi nang ako'y kumutan ni Nanay, hindi ko matiis na tanungin siya tungkol kay Lola Ising.

"May sakit daw si Lola mo, Parkinson's ang tawag sa sakit niya," paliwanag ni Nanay.

Park? Park? Sakit ba ito ng malimit pumunta sa parke o hindi pumupunta sa parke? Nahawa ba siya sa akin noong nilagnat ako?

Bahagyang natawa si Nanay sa mga tanong ko.

"Hindi nakakahawa ang sakit na Parkinson's. Kapag may ganun sakit, ibig sabihin may maliit na bahagi ng utak ni Lola ang may problema kaya minsan hindi niya mapigilan ang panginginig niya," paliwanag ni Nanay.

Gagaling pa ba si Lola? Mawawala pa ba ang panginginig niya?

"Hindi na," malungkot na sabi ni Nanay. "Pero mayroon naman siyang mga gamot na iinumin. Minsan may mga araw na hindi siya manginginig masyado, minsan may mga araw na mahihirapan siyang tumayo."

Nalungkot ako sa sinabi ni Nanay. Hinalikan ako ni Nanay sa noo at pinaalalahanan, "Kaya iintindihin mo kung minsan hindi na magagawa ni Lola Ising ang mga malimit niyang gawin. Kapag umiinit ang kanyang ulo o kaya'y nalulungkot siya ng husto, tutulungan mo siyang maging masaya ha, Rico?"

Tumango ako at nangako. Hindi ko man masyadong naiintindihan ang Parke ni Inson, naiintindihan ko namang hindi ko dapat maging malungkot si Lola.

Sa paglipas ng mga araw, napansin ko nga ang sinasabi ni Nanay. Naging malulungkutin si Lola Ising. Kung dati'y malakas ang kanyang pag-awit kasabay ng kanyang maliit na itim na radyo, ngayon siya'y humihimig na lamang habang nakatanaw sa malayo.  Kahit anong pilit ko sa kanya na sumayaw, ang sabi niya'y nanghihina daw siya.  Kahit anong engganyo ko na pumunta kami sa parke para makita niya ang kanyang mga kumare, iiling siya at sasabihing nanginginig ang kanyang mga binti.

Paano ko pasasayahin ang aking mahal na Lola Ising?

Minsan, habang nagpupunas  ng pinggan si Lola, dumulas ito mula sa kanyang mga daliri. Kraas! Nadurog sa maliliit na piraso ang mamahaling pinggan ni Nanay. Tahimik na winalis ni Nanay  ang mga basag na piraso ng pinggan. Hinawakan niya si Lola sa likod at pabirong sinabing bukas ay mga plastic na ang plato.

Ngumiti si Lola Ising at naramdaman ko ang lungkot niya sa likod ng matang naninigkit. Hindi ko napigilan at ako napaimik, "Kasalanan ito ni Inson!"

Nagtataka si Nanay na napatingin sa akin, "Sino naman si Inson?"

"Si Inson yung may-ari ng Parke kung bakit nagkasakit si Lola!"

Matagal silang napatingin sa akin, si Nanay at si Lola, bago sila humagalpak ng tawa.

"Hahahaahaha!"  Ang lakas ng tawa ni Lola Ising.  Malutong na parang chicharon ang kanyang mga halakhak. Matagal ko ng hindi naririnig ang kanyang

malakas na tawa. Napasaya ko si Lola Ising!

Niyakap ako ni Lola Ising matapos punasan ang luha sa gilid ng kanyang mga mata.

“Parkinson’s,” ang marahang sabi ni Lola. “Iyan ang sakit ko at hindi ko yan nakuha kung saan mang parke. At lalong hindi yun galing kay Inson.”

Hinawi ni Lola ang aking buhok at bumulong.

“Maraming maaring magbabago, apo. Dahil may sakit si Lola, may mga bagay na hindi ko na kayang gawin tulad ng dati.”

“Tulad ng ano?” ang tanong ko.

“Kung dati’y ako ang nagsusulsi ng mga butas mong pantalon at kili-kili ng iyong mga damit, baka hindi ko na magawa yon,” ang sabi ni Lola Ising.

“Tamang-tama, Lola, nag-aaral na kaming manahi sa paaralan, kahit nga yung natastas na laylayan ng daster mo ay kaya ko ng tahiin,” pagmamayabang ako.

“Hindi na rin ako masyadong maliksi ngayon. Hindi na ako mabilis makakapagluto ng paborito mong ginisang kamatis at itlog tuwing agahan,” ang sabi ni Lola Ising.

“Tuwing Sabado natin lulutin para wala akong pasok sa eskwela. Maghihintay ako Lola, kahit tanghaliin. Walang kasing sarap ang iyong ginisang itlog at kamatis!”

“Paano naman kung habang nagsasayaw tayo o kaya habang naglalakad ay bigla akong napatigil? Minsan kasi hindi ko lang maigalaw ang aking mga paa,” ang tanong ni Lola.

“Ah! Eh di sasamahan kitang magpahinga hanggang sa kaya mo ng ihakbang ang iyong mga paa. Tamang-tama Lola, nuong nakaraang Krismas Parti sa eskwelahan, natalo ako sa larong “stop-dance.” Kapag napatigil ka sa kalagitnaan ng ating pagsasayaw, para na rin akong nagpractice para sa susunod na Krismas Parti.”

Napatawa si Lola sa aking sinabi, habang si Nanay naman ay napangiti.

“Paano naman kung makalat na akong kumain at napuno ng mumo ang mesa? Kapag may Parkinson’s, mas matagal akong makakain at makakanguya?”

“Pwede namang punasan ang lamesa, maari namang labhan ang damit na namantsahan ng pagkain,” ang sagot ko.

Napatigil si Lola Ising at sandaling nag-isip, “Paano kung hindi ko na kayang magsalita ng malakas? Maaring dumating ang panahon na parang palagi na lang akong pabulong?”

“Eh di,palagi ako sa tabi mo para mas marinig ka at bubulong na lang din ako para pareho tayo. Matutuwa si Nanay kasi hindi niya ako papagalitan na malakas ang boses ko.”

Ginulo ni Lola ang aking buhok, at tinanong ulit ako,“Paano naman kung hindi na ako makangiti? Kapag kasi may Parkinson’s, may mga araw na hindi ka makangiti kahit ang puso mo’y naglulukso sa saya.”

Sandali akong tumigil at nag-isip.

“Lumulukso ang puso? Eh di, ilalapit ko ang tenga ko sa dibdib mo para pakinggan kung lumulukso ang puso mo. Kahit hindi ka makangiti Lola Ising, wala yung problema. Ako ang ngingiti para sa ating dalawa.”

Ngumiti si Lola Ising at niyakap ako ng mahigpit. “Maraming magbababago, Rico, dahil sa aking sakit.”

Niyakap ko din siya ng mahigpit. Kahit maraming magbago, siya pa rin ang nakakabilib kong Lola Ising.